Patakaran sa Pagkapribado ng Website ng Santa Clara County

Mag-download ng isang PDF ng patakaran na ito

1. PANIMULA

   Mga Pangunahing Puntos:

   Labis na sineseryoso ng County ang iyong pagkapribado, kabilang ang pagbisita sa sccgov.org.

   Maaaring pumili ang mga kagawaran ng County na magkaroon ng mas tiyak na mga patakaran o pagkapribado ng webpage.

   Salamat sa pagbisita sa sccgov.org at pagbabasa ng Patakaran sa Pagkapribado na ito ("Patakaran"). Kasama sa website ng sccgov.org ang domain ng sccgov.org pati na rin ang lahat ng mga sub-domain sa loob nito (hal., [DepartmentName.sccgov.org) at nagbibigay ng isang maginhawang "Front Door" sa impormasyon at mga serbisyong available mula sa Santa Clara County ("County") sa pamamagitan ng pag-link sa inyo sa iba't ibang mga website ng kagawaran.

   Nalalapat ang Patakaran na ito kung bibisitahin ninyo ang website ng sccgov.org. Sa pangkalahatan, nalalapat din ang Patakaran na ito sa mga kagawaran ng County na mayroong sariling mga webpage na may mga address bilang bahagi ng site ng sccgov.org. Gayunpaman, ang ilang mga kagawaran ay maaaring mag-post ng kanilang sariling mga patakaran sa pagkapribado ng webpage. Sa mga kasong iyon, ilalapat ang mas tiyak na mga probisyon ng mga patakaran sa pagkapribado ng webpage ng kagawaran.

   Kasama sa Patakaran na ito ang mga paliwanag ng:

   - Ano ang impormasyon na awtomatiko naming kinokolekta
   - Ano ang impormasyon na kusang ibinahagi mo sa amin
   - Anong uri ng pagsubaybay ang maaaring maganap
   - Bakit namin kinokolekta ang impormasyong ito
   - Paano namin ibinabahagi at ipinapaalam ang inyong impormasyon

2. IMPORMASYON NA KINOKOLEKTA NAMIN AT INYONG IBINABAHAGI

2.1 Kinokolekta Naming Impormasyon

Mga Pangunahing Puntos:

Awtomatiko naming kinokolekta ang maraming mga kategorya ng impormasyon, kabilang ang IP address, petsa at oras ng pagbisita, at alinmang mga pahinang binibisita mo sa aming site.

Maaaring ring magamit ng mga kumpanya ng Analytics ang impormasyong ito, na karaniwang pinagsama-sama, upang matukoy, halimbawa, alinmang mga web page ang nakakakuha ng pinakamarami o pinakamaliit na trapiko.

Kapag na-access mo ang website na ito, awtomatiko naming kokolektahin ang maraming mga kategorya ng impormasyon, kabilang ang sumusunod:

- Ang inyong Internet Protocol (IP) address (isang natatanging hanay ng mga numero at/o mga titik na karaniwang kinikilala ang network mula sa kung aling mga device ang nag-access sa internet)
- Ang tumutukoy na address, kung mayroon man (sasabihin nito sa amin ang address ng website na ginamit ninyo upang makapunta sa sccgov.org, tulad sa pamamagitan ng isang paghahanap sa Google o link)
- Ang laki at resolusyon ng inyong monitor at ang laki ng window ng browser
- Ang uri ng browser (hal., Firefox, Edge, Chrome) na ginamit upang ma-access ang aming site
- Ang operating system (hal., Windows, Mac OS, Unix) na ginamit upang ma-access ang aming site
- Ang lungsod kung saan nagmula ang iyong IP address
- Ang petsa at oras ng inyong pagbisita, at ang kabuuang oras na naigugol mo sa site
- Ang oras na paggugol mo sa bawat pahina at sa kung ano ang pagkakasunud-sunod sa pagbisita sa mga pahinang iyon
- Ang mga panloob na link na inyong napindot

Ibinibigay namin ang impormasyong ito sa mga kumpanya ng analytics kabilang ang Siteimprove at Google Analytics. Karaniwan nilang pinagsasama-sama ang impormasyon at ipinapakita ito sa isang format na nagbibigay-daan sa amin upang mabilis na tukuyin kung gaano karaming tao ang bumibisita sa site, kung alin sa mga pahina ang pinaka binibisita, at iba pang katulad na impormasyon.

2.1.1 Pagsubaybay sa Gumagamit

Mga Pangunahing Puntos:

Ginagamit namin ang mga teknolohiya sa pagsubaybay sa website, tulad ng cookies at pixels, upang subaybayan ang mga pagbisita sa website. Ang iba pang mga serbisyo ng third-party sa aming site ay maaaring gawin din ito.

Kinukuha namin ang ilan sa impormasyong inilarawan sa Seksyon 2.1 sa pamamagitan ng paggamit ng mga teknolohiya na nagsusubaybay sa website upang subaybayan ang inyong pagbisita, na maaaring may kasamang cookies, pixels, tags, beacons, at mga katulad na teknolohiya. Pinapayagan kami ng mga teknolohiyang ito na magbigay ng pagpapaandar sa website at maunawaan kung paano ka nakikipag-ugnayan sa website ng sccgov.org.

Nag-embed din kami ng ilang nilalaman sa aming site gamit ang mga third-party na web widget at serbisyo tulad ng Facebook, Twitter, YouTube, Instagram, at Flickr. Maaaring maglagay ng mga third party na ito ng kanilang sariling cookies at mga katulad na teknolohiya para sa mga layuning pang-andar at pagsubaybay. Maaari silang magkaroon ng kanilang sariling pagkapribado, seguridad, mga tuntunin sa serbisyo, at mga patakaran sa kakayahang i-access na naaangkop sa mga tampok na kanilang ibinibigay. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng third-party at kanilang mga patakaran, mangyaring bisitahin ang kanilang mga website.

2.1.2 Bakit Namin Kinokolekta ang Impormasyon na Ito

Mga Pangunahing Puntos:

Karaniwan naming ginagamit ang impormasyong ito upang tulungan kaming maunawaan kung paano nakikipag-ugnayan ang mga gumagamit sa website, upang mapanatili ang pagpapaandar nito, at mapabuti ang karanasan ng gumagamit.

Awtomatiko naming ginagamit ang impormasyong ito upang tulungan kaming maunawaan kung paano nakikipag-ugnayan ang mga gumagamit sa website, upang mapanatili ang pagpapaandar nito. Halimbawa, puwedeng sabihin sa amin ng cookies at mga katulad na teknolohiya ang bilang ng mga bisitang dumarating sa website, kung at gaano kadalas bumalik ang mga ito, at kung ano ang hinahanap nila pagdating nila. Tinutulungan kami nitong maunawaan kung ano ang hinahanap ng mga tao, kung aling mga web page ang pinaka nakakatulong, at iba pang katulad na impormasyon na maaari naming gamitin upang mapabuti ang karanasan ng pagbisita sa sccgov.org. Tinutulungan din kami ng mga cookies na mapanatili ang komunikasyon sa pagitan ng mga bisita ng computer at mga County server.

2.2 Impormasyon na Inyong Boluntaryong Ibinabahagi

Mga Pangunahing Puntos:

Maaari kang pumili upang ibahagi ang iba pang mga uri ng impormasyon tulad ng sa pamamagitan ng pagpunan ng mga form o pagbabayad para sa mga serbisyo ng County.

Sa kurso ng pag-access sa website na ito, magkakaroon ka ng maraming mga pagkakataon na boluntaryong magbahagi ng impormasyon sa amin. Halimbawa, maaari kang magbigay ng impormasyon sa credit card o bangko kapag babayaran mo ang inyong mga buwis sa pag-aari; o ang inyong pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan kapag nag-book ka sa isang lugar ng kamping; o pagbibigay ng inyong pangalan, email, at address upang makatanggap ng newsletter o iba pang mga sulat at pakikipag-ugnayan.

2.2.1 Mga Kategorya ng Impormasyon

Mga Pangunahing Puntos:

Kasama rito ang mga impormasyon na email address at detalye ng pagbabayad, bukod sa iba pang mga kategorya.

Depende sa kahilingan ng transaksyon o serbisyo, ang mga kategorya ng impormasyon na maaari mong ibahagi ay maaaring kabilang, ngunit hindi limitado sa:

- Ang iyong email address at mga nilalaman nito
- Ang impormasyong pampinansyal tulad ng credit card o mga bank account number (hal., upang iproseso ang mga pagbayad para sa mga serbisyo ng County)
- Ang mga detalye ng mga serbisyong panlipunan, tulad ng paghahanap ng impormasyon sa pag-aampon
- Ang impormasyon sa kaligtasan ng publiko, tulad ng pagbayad ng isang tiket sa paradahan
- Iba pang impormasyon na puwedeng kolektahin sa pamamagitan ng isang online form

2.2.2 Bakit Namin Hinihiling sa Inyo na Ibahagi ang Impormasyong Ito

Mga Pangunahing Puntos:

Pinapayagan kami ng impormasyong ito na kumpletuhin ang inyong mga kahilingan sa online at transaksiyon nang mas mahusay.

Ang impormasyong ito ay gagamitin upang matupad ang layunin kung saan kayo nagbibigay ng impormasyon, tulad ng upang makumpleto ang inyong mga kahilingan sa transaksiyon o ruta sa naaangkop na kagawaran.

3. ANO ANG GINAGAWA NAMIN SA IMPORMASYON NA BOLUNTARYO NINYONG IBINABAHAGI

3.1 Pangkalahatang Prinsipyo ng Mga Pangunahing Puntos:

Bilang pangkalahatang prinsipyo, ang inyong impormasyon ay hindi aalisin sa County maliban kung kinakailangan ito at pinahintulutan ng batas.

Hindi namin ibabahagi, ibebenta, o kaya'y isisiwalat ang impormasyon na boluntaryo mong ibinabahagi habang ina-access ang website na ito sa mga third party, maliban sa pinahintulutan ng batas, o kung saan nagbibigay ka ng pahintulot upang kumpletuhin ang isang transaksiyon na inyong pinahintulutan, o upang magbigay ng mga serbisyong inyong hiniling. Halimbawa, maaari naming ibahagi ang impormasyon sa mga kagawaran ng County at iba pang mga ahensya ng gobyerno kung kinakailangan upang magbigay ng mga serbisyo sa inyo at kapag pinahintulutan ng batas.

3.2 Mga Tagatustos ng Serbisyo

Mga Pangunahing Puntos:

Maaari naming ibahagi ang inyong impormasyon sa aming awtorisadong mga tagatustos ng serbisyo kung kinakailangan upang mapabuti ang aming website at upang magbigay ng mga serbisyo sa inyo.

Nakikipag-ugnayan kami sa mga awtorisadong tagatustos ng serbisyo upang pagbutihin ang aming website at upang magbigay ng mga serbisyo sa inyo, kabilang ang para sa analytics ng website (tulad ng inilarawan sa itaas sa Seksyon 2.1) at pagproseso ng pagbayad sa credit card. Upang maayos na makapaghatid ang mga tagatustos ng sebrbisyong ito, maaari naming ibahagi ang impormasyon sa kanila na inyong ibinigay sa inyong pagbisita sa website ng County.

3.3 Public Records law

Mga Pangunahing Puntos:

Ang impormasyong kinolekta at ibinahagi sa pamamagitan ng website ng County ay maaaring mapailalim sa isang kahilingan sa publiko na mga talaan sa ilalim ng California Public Records Act.

Ang California Public Records Act (Gov. Code Seksyon 6250 et seq.) ay umiiral upang tiyakin na bukas ang gobyerno at may karapatan ang publiko na magkaroon ng access sa mga talaan at impormasyong taglay ng gobyerno, maliban kung mayroong isang pagbubukod sa batas sa pederal o estado. Ang impormasyong kinolekta at ibinahagi sa pamamagitan ng website ng County ay maaaring mapailalim sa pampublikong access maliban kung may isang pagbubukod. Ang ilan sa mga pagbubukod na ito ay makakatulong na panatilihin ang pagkapribado ng mga indibidwal. Sa pangyayari ng isang hidwaan sa pagitan ng Patakaran sa Pagkapribado na ito at California Public Records Act o iba pang batas na namamahala sa pagbubunyag o proteksiyon ng impormasyon at mga talaan, makokontrol ang naaangkop na batas.

3.4 Seguridad ng Impormasyon

Mga Pangunahing Puntos:

Pinoprotektahan namin ang inyong impormasyon gamit ang mga pamantayan ng cybersecurity na nakabatay sa NIST.

Inilalapat namin ang mga kontrol sa seguridad at proteksiyon na binuo ng National Institute of Standards and Technology (NIST) upang tiyakin ang pagiging kompidensiyal, pagkakaroon, at integridad ng mga sistema at ang data ay pinananatili sa lahat ng oras. Ang mga kontrol at proteksiyon na ito ay bilang karagdagan sa anuman na ilalapat sa Opisina ng Seguridad sa Impormasyon sa isang kagawaran na batay sa umiiral na mga kinakailangang ligal (tulad ng mga kinakailangan na nauugnay sa protektadong impormasyon sa kalusugan) o patakaran.

4. ANG PATAKARANG ITO AY HINDI NALALAPAT SA MGA WEBSITE NA WALA SA COUNTY

Mga Pangunahing Puntos:

Kung kayo ay pumunta sa isa pang website mula sa sccgov.org site, mailalapat ang patakaran sa pagkaprbado ng site na iyon.

Naglalaman ang aming website ng mga link sa mga website ng mga samahan sa labas ng County. Ang mga website na ito ay hindi namin kontrolado at maaaring hindi sumunod sa parehong mga patakaran sa pagkapribado, seguridad, o kakayahang i-access. Kapag nag-link kayo sa isa pang site, napapailalim na kayo sa mga patakaran ng site na iyon, at dapat kayong makipag-ugnayan sa may-ari/operator ng website na iyon kung mayroon kayong anumang mga katanungan o alalahanin. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Mga Link sa Patakaran ng County.

5. MGA PAGBABAGO SA PATAKARAN NA ITO

Mga Pangunahing Puntos:

Ang Patakaran na ito ay maaaring magbago nang paminsan-minsan, at ipapaalam namin sa mga taong bumibisita sa webpage kapag nangyari iyon.

Maaari naming baguhin ang Patakaran na ito nang paminsan-minsan. Sa pangyayari ng mga pangunahing substantibong pagbabago, magbibigay kami ng maikling buod ng mga pagbabagong iyon upang masubaybayan ninyo ang mga pagkakaiba sa pagitan ng pinakabago at naunang bersyon.

Bersyon	**Nilalaman**	**Katayuan/Mga Komento**
V1.0	Patakaran sa Pagkapribado ng Impormasyon sa Naunang Bersyon ng Website ng Santa Clara County	Huling na-update noong Hunyo 2016
V2.0	Binago at na-update	Tinapos noong Nobyembre 2019 (Ang mga pagbabago ay nakatuon sa paglilinaw sa mga kasanayan sa pagkolekta ng data at pagpapabuti ng kakayahang mabasa)
V3.0	Binago at na-update	Tinapos noong Disyembre 2021 (Na-update upang isama ang mga bagong kasunduan sa pagbibigay ng pangalan sa sub-domain, nilinaw ang wika sa mga teknolohiya sa pagsubaybay, at iba pang mga pangkalahatang pagbabago)

6. MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Mga Pangunahing Puntos:

Malugod naming tinatanggap ang inyong mga katanungan at feedback.

Tinatanggap namin ang anumang mga katanungan o feedback na mayroon kayo tungkol sa Patakarang ito. Mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa aming Privacy Office sa: PrivacyOffice@ceo.sccgov.org.